

Ipa-iral ang Makatarungang Pabahay

Ang Programa Para sa Makatarungang Pabahay (Fair Housing Program) ng Lungsod ng San Diego ay nag-aalok ng libreng serbisyo sa komunidad para itaguyod ang makatarungang pabahay sa pamamagitan ng pagsusumikap sa edukasyon, pagpapayo, imbestigasyon at pagpapatupad. Ito ay kinabibilangan ng mga sumusunod na gawain dulot ng pagtutulungan sa mga kasosyong organisasyon:

- Pagpapayo tungkol sa makatarungang pabahay
- Pagsasanay o pantas-aral ukol sa makatarungang pabahay para sa mga nangungupahan, nagpapaupa, at tagapamahala ng upahan
- Pagsasanay o pantas-aral ukol sa makatarungang pabahay para sa mga bumibili ng bahay at mga propesyonal sa real estate
- Pagsasanay sa pagtayo ng sapat na pabahay ukol sa mga organisasyong non-profit sa larangan ng pabahay
- Mga gawaing patungkol sa makatarungang pabahay (fair housing) na nakasulat sa iba't ibang wika
- Paglahok sa mga kaganapan sa buong komunidad ng Lungsod ng San Diego
- Paglahok sa mga kaganapan sa buong Lalawigan ng San Diego

Ang Lungsod ng San Diego ay pinagtibay ang San Diego Regional Analysis of Impediments to Fair Housing Choice (AI). Ang AI ang gumagabay sa Lungsod at ang rehiyon para sumang-ayon at isulong ang mga hangarin ng makatarungang pabahay.

Ang kabuuan o bahagi ng pondo ng proyektong eto ay nanggagaling sa Community Development Block Grant (CDBG). Ang pondo ng programa ng CDBG ay nanggagaling sa U.S. Department of Housing and Urban Development (HUD) sa pamamagitan ng Lungsod ng San Diego.



THE CITY OF SAN DIEGO



Upang mag-ulat ng paglabag sa Makatarungang Pabahay (Fair Housing), tumawag sa

1 (844) 449-3500

www.sandiego.gov/cdbg/fairhousing

Ang impormasyong ito ay makukuha sa mga alternatibong format kapag hiniling. Upang humiling ng isang kahaliling format, mangyaring kontakin ang Makatarungang Pabahay (Fair Housing) Hotline.

**Fair Housing Center of the
Legal Aid Society of San Diego, Inc.**
110 South Euclid Avenue
San Diego, CA 92114
www.lassd.org

THE CITY OF SAN DIEGO

Programang Lungsod ng
San Diego para sa
Makatarungang Pabahay



**Makatarungang
Pabahay
(Fair Housing) Hotline
1.844.449.3500**

PROTEKTADO KA NG BATAS LABAN SA DISKRIMINASYONG PABAHAY

**Makatarungang Pabahay
(Fair Housing) Hotline
1.844.449.3500**

Karapatan ng lahat ng mamamayan ang pantay na pagkakataon o oportunidad na makakuha ng sariling tirahan. Ito ay karapatan na protektado ng pamahalaang pederal at pamahalaang estado. Dahil sa mga batas sa ilalim ng Fair Housing, hindi ka dapat makakaranas ng diskriminasyon kung naisin mong kumuha (bumili o umupa) ng sarili mong tirahan.

Labag sa batas ng pamahalaang pederal (federal law) ang diskriminasyon batay sa:

- Lahi
- Kulay
- Pinanggalingang bansa
- Relihiyon
- Sekso o kasarian
- Kapansanan o pagiging baldado
- Katayuan o komposisyon ng pamilya (pamilyang mayroong anak o mga anak na wala pang 18 taong gulang)

May dagdag ka ring proteksyon sa batas ng pamahalaang estado (state law) sa mga diskriminasyon batay sa:

- Katayuang marital (may asawa, walang asawa, atbp.)
- Edad
- Lahi
- Pinagkukunan o pinanggagalingan ng kita
- Kondisyong medico/kapansanan
- Sekswal na oryentasyon (sexual orientation)
- Pahiwatig tungkol sa iyong genesya
- Katayuang pangkasarian
- Pagpapahayag ng kasarian
- Hindi makatuwirang kalagayan

Labag sa batas ang pagtanggig bigyan ng oportunidad ang isang tao na umupa o bumili ng tirahan, bumili ng segurong pambahay (homeowners insurance) o kumuha ng pautang pambahay kung ang kanyang katayuan ay protektado ng batas.

Kung sa palagay mong ikaw ay nakaranas ng diskriminasyon o panliligalig (harassment), maaarikang magsampa ng reklamo. Sundin ang mga sumusunod na hakbang. Siguraduhing isampa ang reklamo bago makalipas ang isang taon kung kailan nangyari ang insidente:

Ipa-iral ang Makatarungang Pabahay

1. Tumawag sa 1-844-449-3500
2. Ibigay ang makatotohanang impormasyon at mga detalye ng insidente
3. Kung may batayan ang iyong reklamo, magsasagawa ng walang-kinikilingang imbestigasyon.
4. Kung tinanggap ang iyong reklamo, magsusubok na tulungan ang magkabilang panig para lutasin ang reklamo
5. Kung hindi nalutas ang reklamo at may ebidensya sa paglabag ng batas, ang reklamo ay maaaring iangat sa korte ng batas.

Karaniwang Paglabag sa Batas ng Makatarungang Pabahay

Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng karaniwang paglabag sa batas batay sa mga protektadong katayuan (protected status):

- Pagtatanggig magpa-upa o magbenta ng bahay
- Sekswal na pambabastos o panliligalig (sexual harassment) katulad ng paghingi ng sekswal na pabor kapalit ng iyong karapatan at pribilehiyo ukol sa pabahay
- Mga patakarán, gawain, tuntunin, kundisyon na nagreresulta ng hindi pantay na pagkakataong makakuha ng pabahay o makakuha ng mga serbisyong nauukol sa pabahay
- Pagtutol sa paggawa ng makatwirang pagbabago sa sariling tirahan o panlahatang lugar (common use area) na kinakailangan upang mapaunlakan ang may kapansanan, kahit na ang gastos ay sagot ng umuupa
- Pagtutol sa paggawa ng makatwirang pagbabago (reasonable accommodations) sa mga patakarán, gawain or serbisyo na kailangan ng may kapansanan
- Pagtanggig ng utang sa bahay (home loan) o magbigay ng segurong pambahay (homeowner's insurance)

